# <u>Salaysay ni Gg. Ernesto C. Cruz</u>

**Ernesto C. Cruz**, 52 taong gulang, tubong Mandaluyong at National President ng National Confederation of Transportworkers' Union (NCTU).

*(Ang Salaysay ni Gg. Ernesto C. Cruz ay kinuha noong ika-05 ng Marso 2018 sa sa Franz Smoke 'N Grill, 93 Scout Delgado St., Brgy. Laging Handa, Diliman, Quezon City, noong ika-13 Marso 2018 sa Wheatberry 80 Scout Castor Street, Diliman, Quezon City, at noong ika-16 Marso 2018 sa telepono, nila Attys. Zelda DT. Soriano at Hasminah D. Paudac, kasama sila Bb. Anna Dominique Esmeralda at Bb. Veronica Cabe, isa sa mga naghain ng Petisyon.)*

**Q1: Ano po ang kasalukuyan ninyong kabuhayan o ginagawa?**
A1: Ako po ay National President ng National Confederation of Transportworkers' Union (NCTU). Bukod rito, ako po ay drayber ng jeep at operator.

**Q2: Gaano na po kayo katagal sa pagmamaneho ng jeep at anong rota?**
A2: Mula 2004 pa. Starmall-Crossing-Kalentong ang biyahe.

**Q3: Paano po kayo napasok sa ganitong hanapbuhay?**
A3: Pagkatapos ko mag-aral, nag-abroad ako. Noong nakaipon ng kaunti, umuwi ako at bumili ng jeep pampasada. Doon na nasentro ang buhay ko sa pagmamaneho ng jeep.

**Q4: Hanggang ngayon po ba ay namamasada kayo?**
A4: Oo, tuloy pa rin.

**Q5: 14 years of driving -- bigyan n'yo po kami ng ideya kung paano ang buhay-driver?**
A5: Mahirap… mas mahirap nga kumpara noong nagsisimula pa lang ako… iba na ang panahon. Unang-una na, dahil sa tindi ng init ngayon, nababawasan iyong oras ng pagmamaneho ko. Noong nagsimula ako noong 2004, kaya ko ang buong araw na biyahe. 12-14 na oras kayang-kaya pa yan. Ngayon dahil sa sobrang init ng panahon, iba na sa pakiramdam pag pinilit kong gawin ang mahabang biyahe.

**Q6: Ano po ang epekto nito sa inyo, kung mayroon man?**
A6: Dahil nababawasan oras ng biyahe, minsan kalahati na lang ang biyahe kaya iyong kita bumaba rin. Siyempre bukod ito sa "traffic," baka kasi iyan ang ilusot ng mga kapitalista. Pagnagkakakwentuhan nga kami sa terminal namin sa Starmall, napapag-usapan namin iyong sobrang init nga ng panahon. Iyong iba kasi sa amin talagang napipilitan pa rin bumyahe ng mahaba para mas okey ang kita. Kaso

may ilan sa mga kasamahan namin nai-stroke, siguro sa tindi na rin ng init. Napag-usapan nga namin na kapag ito ay magpatuloy, maapektuhan talaga ang kita namin.

**Q7: Nabanggit mo ang nai-stroke. May mga humihinto ba sa pamamasada, o kaya ay namamatay?**

A7: Meron ho. Sa na-istroke tatlo at ito ay kasalukuyang hindi nakakabyahe at isa ay patay. Ito ho ay vice president ko pa. Pero hindi ko naman tiyak ang sanhi kasi hindi naman ho ako doktor. Gusto ko nga rin po malaman sa imbestigasyon ng CHR kung may "link" nga sa climate change.

**Q8: Bukod po rito, mayroon pa ba kayong nakikitang pagbabago mula noong nag-umpisa kayo magmaneho ng dyip noong 2004?**

A8: Umiiksi rin minsan biyahe kasi mabilis uminit ang makina dahil nga sa sobrang init ng panahon.

**Q9: E ang ulo po, umiinit din ba?**

A9: Oho, madaling uminit ang ulo ng mga drayber pati mga pasahero lalo na ngayon na sobrang init.

**Q10: Meron po ba kayong nakikitang solusyon sa problemang dulot ng sobrang init ng panahon na sinasabi ninyo?**

A10: E sabi ng gobyerno magmo-modernize na nga raw at mag-re-renewable energy na… kasi malakas nga daw sa karbon yung transport sector… na nagko-contribute sa climate change… parang lumalabas kasalanan namin ang climate change.

**Q11: Ano po ang sagot ninyo kung kayo nga ang tinuturong may contribution sa climate change?**

A11: Hindi naman po makatarungan na kami ang masisisi sa climate change. Hindi naman po kami ang gumagawa ng gasolina at krudo. Kung may iba po kaming magagamit para patakbuhin ang mga sasakyan na ligtas, hindi karbon at makatwiran ang presyo e doon na po kami. Hindi rin naman po kami tutol sa modernization program ng gobyerno at paglipat sa renewable energy. Pero dapat naman sana may just transition, hindi biglaan. Kailangang maalalayan kami sa kapital at kita dahil kung basta tatanggalin ang jeep at papalitan ng e-jeepney, saan naman kami kukuha ng pangsustento sa aming pamilya at pambili ng bagong e-jeepney.

**Q12: Kailan po naitayo ang inyong samahan at ilan po ang kasalukuyan ninyong miyembro?**

A12: Noong 2008. Ngayon siguro humigit-kumulang 27,000 kami nationwide sa Luzon, Visayas, at Mindanao.

**Q13: Saan po ang mga lugar na ito sa Luzon, Visayas, at Mindanao?**
A13: Mayroon kami sa Mandaluyong, Cavite, Batangas, Mindoro, Marinduque, Antique, Cagayan De Oro, Iligan, Davao, General Santos at sa iba pang lugar.

**Q14: Handa po ba kayong panumpaan ang salaysay niyong ito kung kinakailangan?**
A14: Oho.

MARCH 16, 2018

**Ernesto C. Cruz**